# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 24, 2022, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad – nasa lakad-opisyal |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 11/04/22 TIME

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED By: Date: 04 NOV 2022 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 413-T2022**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BRGY. BLG. 120-T2022 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 03-T2022 NG BARANGAY SAN PABLO SUR, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGTATAAS NG HONORARIA NG SANGGUNIANG BARANGAY OPISYALES NA MAY HALAGANG P132,000.00 PARA SA TAONG 2023.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur sa sangguniang ito na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Brgy. Blg. 120-T2022 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2022 na nagtataas ng honoraria ng Sangguniang Barangay Opisyales na may halagang P132,000.00 para sa taong 2023;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Brgy. Blg. 120-T2022/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 03-T2022 ng Barangay San Pablo Sur, Santa Cruz, Laguna na nagtataas ng honoraria ng Sangguniang Barangay Opisyales na may halagang P132,000.00 para sa taong 2023.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 24, 2022**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan
11-03-22